# RODA TAJON

Katuwang na propesor sa Faculty of Information and Communication Studies, UP Open University si Roda Tajon. Nagtuturo siya ng mga kurso sa teorya ng multimedia, kulturang popular, at araling kasarian. Noong 2023, nagwagi siya ng Gawad SWF - Pinakamahusay na Sanaysay. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kursong gradwado sa Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman.

Maaari siyang makontak sa rltajon@up.edu.ph

# BALO A BABAI

Agin-inanan ken nagrupsan ni lakayko
Ngem iti al-aliana,
Adda kadagiti suli ti binukelmi
A balay—kusina, sala ken dagiti siled,
Agparparikna uray kadagiti kurtina
Ken pungan. Ipangpangngegna kaniak
Ti panagsenna-ayna. Nauneg
Naulimek, natadem
A kas iti buneng.

Mangngegko ti panagkitakitna
Iti pangngeddengko
A panawan
Ti lababomi a nagbalayan
Ti sebo ken nagbuot
Ti kasilias a nakaang-angseg
A kas iti pantalonna no mabartek.

Dagiti lagip ti kinaragsakmi nga agassawa
Naidulin sadiay eskaparate
Dagiti pinggan, baso, ken kubiertos
Indulinko amangan no mabawik
Ti gudua ti kinataok
a sikikidemko a pinanawan
kalpasan a dinalusak

dagiti nauneg a sinit
manipud kadagiti rungrong ti sigarilio ni lakayko.

Saanko, uray maminsan, a ladingitan
Ti pannakatayna.
Saan, saannak
A mangiyawat uray bassit a kararag ken kandela.

Puorak ketdi ti amin
A mapuoran. Padisiek
Ti agwarangwarang nga al-aliana
Iti balay a tagikuaek
Agindegak ditoy a natalinaay.

# ANG BABAENG NABÁLO

Tahimik na't inuuod ang aking asawa
Ngunit nagmumulto siya
Sa bawat sulok ng itinuring namin
Na tahanan—sa kusina, sala't mga silid,
May hiwatig maging sa kurtina
At unan. Ipinadidinig sa akin
Ang kaniyang buntong-hininga. Malalim,
Tahimik, matalim
Tulad ng labaha.

Nauulinig ko ang kaniyang himagsik
Sa aking pasya—
Ang iwan
ang lababong pinamahayan na
ng sebo at amag
At kubetang ʹsingpanghi
ng kaniyang pantalon tuwing siya'y nalalasing.

Naroon sa eskaparate ang alaala
Ng maliligayang sandali namin bilang mag-asawa
Ang mga plato, baso, at kubyertos.
Itinabi ko sakaling mabawi
Ang kalahati ng aking pagkatao
Na pikit-mata kong iniwan
Nang aking malanggasan

Ang malalalim na mga paso
Mula sa upos ng kaniyang sigarilyo.

Hindi, maski minsan, ipagluluksa
Ang kaniyang kamatayan,
Hinding-hindi siya aalalayan
Kahit ng kap’rasong dasal at kandila.

Kaya, magsisiga ako’t
Magsusunog. Itataboy
Ang kaniyang naliligaw nang multo
Sa aking binabawing tahanan.
Mananahan ako dito nang payapa.